Office of the Sangguniang Panlungsod
Received by: Jenet Pring
Date: 04/02/2024
Time: 10:40 AM

Republic of the Philippines
PROVINCE OF CAVITE
City of Bacoor

OFFICE OF THE SANGGUNIANG PANLUNGSOD

## COMMITTEE ON ENVIRONMENT AND NATURAL RESOURCES

# COMMITTEE REPORT

NO. ENR 024-S-2024

---

Subject: ***PAGSUPORTA AT PAGPAPATIBAY NG BARANGAY LIGAS 2 PARA SA KAPASIYAHAN MULA SA LUNGSOD NG BACOOR PARA SA PAGBABAWAL NG PAGTAPON NG BASURA AT PAGKAKALAT KUNG SAAN-SAANG LUGAR. (PNOA 318-2024 dated March 04,2024).***

---

Sa ginanap na ika- 84 na Pagpupulong ng mga miyembro ng Sangguniang Panlungsod, noong 25 ng Marso 2024, sa ganap na 10:00 ng umaga. Isinangguni ng Presiding Officer Vice Mayor Hon. Rowena Bautista-Mendiola, ang paksa kay Chairperson ng Environment and Natural Resources Hon. Levy M. Tela.

Ayon kay Kgg. Tela, na kalinisan sa paligid ay napakahalaga lalo na sa kalusugan, at ang pagtatapon ng basura kung saan-saan ang maaaring maging sanhi ng pagbaha at sakit. Kaya dapat lamang na pangalagaan ang ating kapaligiran.

**KAPASIYAHAN:**

Ang RA 9003 o Ecological Solid Waste Management Act of 2000 ay nagsasaad ng mga alintuntunin sa wastong pamamahala ng basura, pagpapalaganap ng kaalaman sa wastong paggamit ng likas-yaman at pagpapatupad ng mga programang nakatuon sa pakikiisa ng bawat mamamayan upang mabawasan ang basurang agad lamang tinatapon.

Nakapaloob din dito ang pagpapatupad ng batas sa ating Lokal na Pamahalaan sa tulong ng mga Barangay na nasasakupan ukol sa pagbubukod ng basura sa pinagmulan nito, maging ang pagtatalaga ng mga pasilidad para sa naturang basura at mga special waste.

Ang hindi tamang pamamaraan ng pagtatapon ng basura ng bawat kabahayan, industriyal at pang negosyong mga establisyimento, maging ang pagkakalat sa pamamagitan ng pagtatapon ng mga maliliit na basura kung saan saan ay maaaring magresulta sa di kanais-nais na kapaligiran at pagkalat ng ba't ibang klaseng sakit mula dito.

Republic of the Philippines
PROVINCE OF CAVITE
City of Bacoor

OFFICE OF THE SANGGUNIANG PANLUNGSOD

**REKOMENDASYON:**

Ang pag mumungkahi sa **PAGPASA** ng "PAGSUPORTA AT PAGPAPATIBAY NG BARANGAY LIGAS 2 PARA SA KAPASIYAHAN MULA SA LUNGSOD NG BACOOR PARA SA PAGBABAWAL NG PAGTAPON NG BASURA AT PAGKAKALAT KUNG SAAN-SAANG LUGAR", alinsunod sa rekomendasyon ng Kumite ng Kapaligiran at Likas na Kayamanan.

**SA PAMAMAGITAN NITO PINAPATUNAYAN** namin ang mga nilalaman ng ulat na ito ay totoo at tama.

Nilagdaan ngayong ika-1 ng Abril 2024, Lungsod ng Bacoor, Lalawigan ng Cavite.

COMMITTEE ON ENVIRONMENT AND NATURAL RESOURCES

**COUN. LEVY M. TELA**
*Chairman*

**COUN. REYNALDO M. FABIAN**
*Vice Chairman*

**COUN. REYNALDO D. PALABRICA**
*Member*

**COUN. ADRIELITO G. GAWARAN**
*Member*

Republic of the Philippines
PROVINCE OF CAVITE
City of Bacoor

Office:
Received by:
Date: 04/10/2024
Time: 10:40 am

OFFICE OF THE SANGGUNIANG PANLUNGSOD

## COMMITTEE ON ENVIRONMENT AND NATURAL RESOURCES

# EXCERPT FROM THE MINUTES OF THE 84TH REGULAR SESSION

NO. ENR 024-S-2024

---

Subject: ***PAGSUPORTA AT PAGPAPATIBAY NG BARANGAY LIGAS 2 PARA SA KAPASIYAHAN MULA SA LUNGSOD NG BACOOR PARA SA PAGBABAWAL NG PAGTAPON NG BASURA AT PAGKAKALAT KUNG SAAN-SAANG LUGAR. (PNOA 318-2024 dated March 04 2024).***

---

Sa ginanap na ika- 84th Regular Session ng mga miyembro ng Sangguniang Panlungsod, sa ganap na 10:00 ng umaga, noong 25 ng Marso 2024. Presiding Officer Vice Mayor Hon. Rowena Bautista-Mendiola, isinangguni ang paksa kay Chairperson ng Environment and Natural Resources Hon. Levy M. Tela.

Sinabi ni Hon. Tela, na kailangang isagawa at ipatupad ang nabanggit na paksa Para sa ikagaganda ng kapaligiran, sa magandang kalusugan ng mamamayan, at para maiwasan ang pagbaha.

Para sa kamalayan ng nasabing mga barangay, makakatulong din ito sa para maging matatag at matigil na ang pagtatapon ng basura sa labas ng kanilang mga residente at establisiyimento.

Prepared By:

**ELENA B. SOMBRANO**
Clerk

Attested By:

**COUN. LEVY M. TELA**
*Chairman*

PNOA 318-2024 - **KAPASIYAHAN BLG. 2024-01:** PAGSUPORTA AT PAGPAPATIBAY NG BARANGAY LIGAS 2 PARA SA KAPASIYAHAN MULA SA LUNGSOD NG BACOOR PARA SA PAGBABAWAL NG PAGTAPON NG BASURA AT PAGKAKALAT KUNG SAAN-SAANG LUGAR.

Republic of the Philippines
Province of Cavite
CITY OF BACOOR
BARANGAY LIGAS 2
OFFICE OF THE PUNONG BARANGAY
Contact No. (046) 850-0749

SIPI SA KATITIKAN NG PANGKARANIWANG PAGPUPULONG NG SANGGUNIANG BARANGAY NG LIGAS 2, LUNGSOD NG BACOOR, LALAWIGAN NG KABITE NA GINANAP SA BAHAY PULUNGAN NOONG IKA-1 NG ENERO 2024.

*Mga dumalo:*

| | |
|---|---|
| PABLO N. MORALES | Punong Barangay |
| LEO M. UGALI | Kagawad |
| RICHARD U. EUSTACIO | Kagawad |
| EDGARDO M. ALAMO | Kagawad |
| ARCHIE G. MORALES | Kagawad |
| ALBERTO A. GREGORIO | Kagawad |
| MIGUELITO H. SEVILLA | Kagawad |
| ARMANDO M. KALUGDAN | Kagawad |
| FRANZ SHERWIN O. HILADO | SK Chairperson |

**KAPASIYAHAN BLG. 2024-01**

**PAGSUPORTA AT PAGPAPATIBAY NG BARANGAY LIGAS 2 PARA SA KAPASIYAHAN MULA SA LUNGSOD NG BACOOR PARA SA PAGBABAWAL NG PAGTAPON NG BASURA AT PAGKAKALAT KUNG SAAN-SAANG LUGAR**

**SAPAGKAT**, inihain para sa pagpapatibay ng kagalang-galang na Sangguniang Lungsod ay ang kautusan na nagbabawal sa pagtatapon ng basura kung saan-saang lugar o pagbabawal sa pagkakalat.

**SAPAGKAT**, dapat pangalagaan ng pamahalaang lokal ang karapatan ng mga mamamayan sa balanseng ekolohiya para sa wastong pagkakatugma sa kalikasan.

**SAPAGKAT**, nakasaad din sa Republic Act 9003 o Ecological Solid Waste Management Act of 9003 na ang tamang polisiya ng estado ay magpatibay ng sistematiko, kaaya-aya at tamang programa para sa pangangasiwa ng mga basura na maaaring magamit sa maayos at malinis na kapaligiran upang mapangalagaan ang kalikasan.

**SAPAGKAT**, mapapansin na marami sa mga ginagamit katulad ng plastik ay nagiging kalat na basura at ang tamang pagtatapon nito ay nababalewala kung kaya't nagiging sanhi ito ng pagdumi ng kapaligiran, pagbara sa mga kanal ila't at ilog na magiging sanhi ng pagbaha at pagdumi ng tubig na nagdudulot ng iba't ibang uri ng sakit.

SCAN ME

OFFICE OF THE SANGGUNIANG PANLUNGSOD
RECEIVED
BY: ARIEL
DATE: 2/22/24 TIME: 11:50
BACOOR CITY, CAVITE

**BACK**

Republic of the Philippines
Province of Cavite
CITY OF BACOOR
BARANGAY LIGAS 2
OFFICE OF THE PUNONG BARANGAY
Contact No. (046) 850-0749

**SAPAGKAT**, marapat lamang na magpasa ng kautusan ang kapulungang ito hinggil sa pagbabawal ng pagkakalat o magtapon ng basura kung saan-saan upang mabawasan ang basura at mapangalagaan ang kapaligiran at likas na yaman para sa kapakanan ng mga mamamayan.

**KAYA**, sa lahat ng ito ay nabanggit sa mungkahi ni Kgd. Edgardo M. Alamo at pagpapangalawa ni Kgd. Leo M. Ugali, at buong pagkakaisang sinang-ayunan ng lahat ng miyembro ng Sangguniang Barangay.

**PINAGTIBAY**, ngayong ika- 1 ng Enero 2024, at pinagpasiyahan na padalhan ng sipi ang mga kinauukulan para sa kanilang karagdagang impormasyon at pagpapasiya.

LEO M. UGALI
Sangguniang Barangay Member

ALBERTO A. GREGORIO
Sangguniang Barangay Member

RICHARD U. EUSTACIO
Sangguniang Barangay Member

MIGUELITO H. SEVILLA
Sangguniang Barangay Member

EDGARDO M. ALAMO
Sangguniang Barangay Member

ARMANDO M. KALUGDAN
Sangguniang Barangay Member

ARCHIE G. MORALES
Sangguniang Barangay Member

FRANZ SHERWIN O. HILADO
Sangguniang Barangay Member

Isinagawa ni:

HEIDI YCEL O. MENDOZA
Barangay Secretary

Patotoo ni:

**PABLO N. MORALES**
Punong Barangay

SCAN ME

**BACK**